Central Luzon Provinces Mission

# PANATA NG BABAUTISMUHAN

1831 Angelito St. Mt.View Subdivision,
Balibago, Angeles City 2009
09758743496 | clpm@adventist.ph

**PERSONAL NA IMPORMASYON:** **ACMS CODE:**________________________

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Numero ng Telepono: | |
| Tirahan: | E-mail Address: | |
| | Kapanganakan: | Saan Ipinanganak: |
| Pangalan ng Ama: | Pagkamamamayan: | Kasarian: |
| Pangalan ng Ina: | Katayuang Sibil: | Petsa ng Kasal: |
| Espirituwal na Tagapangalaga: | Naabot na Edukasyon: | |
| Dating Relihiyon: | Trabaho: | |
| Ahensiya ng pagkahikayat: | | |

1. Naniniwala ka bang may iisang Dios, ang walang hanggang Kadiosan na may tatlong Persona: ang Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo?
2. Tinatanggap mo bang namatay si Jesu-Cristo sa Kalbaryo bilang sakripisyong handog upang matubos ka sa iyong mga kasalanan at sa biyaya ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang dugong dumanak ay nailigtas ka sa kasalanan at kaparusahan nito?
3. Tinatanggap mo ba si Jesu-Cristo bilang iyong personal na Panginoon at Tagapagligtas sa paniniwalang ang Dios, kay Cristo, ay pinatawad ang iyong mga kasalanan at binigyan ka ng bagong puso, at iyong tatalikuran ang mga makasalanang gawi ng sanlibutan?
4. Tinatanggap mo ba ang katuwiran ni Cristo, ang iyong Tagapamagitan sa santuario sa langit, at ang Kanyang pangakong biyaya at kapangyarihang nakapagpapabago upang maging maibigin at nakasentro kay Cristo ang iyong buhay sa tahanan at sa sanlibutan?
5. Naniniwala ka bang ang Biblia ay kinasihang Salita ng Dios, ang tanging pamantayan ng pananampalataya at pamumuhay ng Kristiano? Nangangako ka bang maglalaan ng regular na panahon sa pananalangin at pag-aaral ng Biblia?
6. Tinatanggap mo bang ang Sampung Utos ay pagpapahayag ng likas ng Dios at ng Kanyang kalooban? Layon mo bang sumunod sa Batas ng Dios sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Cristo, kalakip ang ikaapat na utos na hinihiling ang pangingilin ng ikapitong araw bilang Sabbath sa Panginoon at bantayog ng Paglalang?
7. Hinahangad mo ba ang pagbabalik ni Jesus at ang mapalad na pag-asa, "pagka... itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayanan" (1 Corinto 15:54)? Habang naghahanda sa pagsalubong sa Panginoon, sasaksi ka ba sa Kanyang pag-ibig na nagliligtas sa pamamagitan ng paggamit ng iyong mga talento upang maihanda ang iba sa Kanyang maluwalhating pagpapakita?
8. Tinatanggap mo ba ang turo ng Biblia tungkol sa "mga kaloob na ayon sa Espiritu" at naniniwalang ang "kaloob na pagpropesiya" ay isa sa mga pagkakakilanlan ng nalabing iglesia?
9. Naniniwala ka ba sa organisasyon ng iglesia? Layon mo bang sambahin ang Dios at suportahan ang iglesia sa iyong ikapu, handog, personal na paglilingkod at impluwensya?
10. Naniniwala ka bang ang katawan mo ay templo ng Espiritu Santo; at iyong pararangalan ang Dios sa pangangalaga nito, iiwasan ang paggamit ng anumang nakakasama, pagkain ng karumaldumal, at paggamit, paggawa o pagtitinda ng nakakalasing na inumin, sigarilyo o ipinagbabawal na gamot?
11. Alam at nauunawaan mo ba ang mga pangunahing prinsipyo ng Bibliang itinuturo ng Seventh-day Adventist Church? Layon mo ba, sa biyaya ng Dios, na ganapin ang Kanyang kalooban sa pagtugma ng iyong buhay ayon sa mga prinsipyong ito?
12. Tinatanggap mo ba ang aral sa Bagong Tipan tungkol sa bautismo sa pamamagitan ng paglubog at nais mong mabautismuhan bilang pagpapahayag ng pananampalataya kay Cristo at pagpapatawad Niya sa iyong mga kasalanan?
13. Tinatanggap at pinaniniwalaan mo bang ang Seventh-day Adventist Church ay ang nalabing iglesia ayon sa propesiya sa Biblia at ang bawat bansa, lahi at wika ay inaanyayahan at tinatanggap sa kapatiran? Nais mo bang maging kaanib ng lokal na kapulungan ng pambuong sanlibutang iglesia?

Lagda ng Babautismuhan: ______________________________

Petsa ng Paglagda: ______________________________

*Ang bahaging ito ay para sa Kalihim ng lokal na iglesia:*

| | |
|---|---|
| Petsa ng Pagtanggap sa Lupon ng Iglesia: | Iglesiang Tumanggap: |
| Petsa ng Pagtanggap sa Iglesia: | Petsa ng Bautismo: |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| Lagda ng Kalihim ng Iglesia<br>sa itaas ng pangalan | Lagda ng Matanda sa Iglesia<br>sa itaas ng pangalan | Lagda ng Nagbautismong Ministro<br>sa itaas ng pangalan |

Paunawa: Orihinal na Kopya- CLPM; Duplikado- Lokal na Iglesia